REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-11

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONG BAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE, NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN SA HOUSING AND LAND USE REGULATORY BOARD (HLURB) PARA SA PAGSASANAY NG MGA PAMBAYANG PANTAUHANG-TEKNIKAL NA MAGSASAKATUPARAN NG MGA PAMAMARAAN UKOL SA PLANONG-PANGSUBDIBISYON ALINSUNOD SA ITINATAKDA NG REPUBLIC ACT NO. 7160.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

IPINANUKALA NINA KGG. KONSEHAL NOLASCO L. DIAZ AT
KGG. KONSEHAL ROGER C. SMITH

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, isinasaad ng Seksyon 447 (a)(2)(x), at Seksyon 458 (a)(2)(x) ng Republic Act 7160, na ang Sangguniang Bayan alinsunod sa itinatakda ng batas, ay magtatakda ng pamamaraan at magpapatibay ng mga planong pangsubdibisyon para sa residensiyal, komersiyal, o industriyal at iba pang pampaunlad na pangangailangan, at mangingilak ng bayad-pagpoproseso at iba pang singilin kung saan ang kita ng mga ito ay mapupuntang lahat sa Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ang Housing and Land Use Regulatory Board na kikilalanin sa kapasiyahan na ito bilang HLURB, ay kasalukuyang nagsasagawa ng mga hakbangin sa pagpoproseso at pagtitibay ng mga planong pangsubdibisyon;

SAPAGKAT, ang HLURB sa kanilang liham noong ika-31 ng Hulyo na nagmula kay G. Luis T. Tungpalan, Komisionado ng Pagpaplano, ay nagmungkahi ng paglilipat ng nasabing gawain kapag mayroong tiyak na panukatan kung saan ang HLURB, alinsunod sa mga mahahalagang probisyon ng RA 7160 at iba pang kaugnay na batas kasama ang balangkas kautusang tagapagpaganap sa ilalim ng HLURB, ay isinasangguni sa mataas na awtoridad;

SAPAGKAT, batid ng Sangguniang Bayan ang kahalagahan ng pagsasanay ng mga Pambayang Pantauhang-Teknikal ng HLURB bago balikatin ang tungkulin at gawain para sa pag-proseso at pagpatibay ng mga planong-pangsubdibisyon;

NGAYON, DAHIL DITO, ay buong pagkakaisang pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan na bigyan kapangyarihan ang Punong Bayan Mggl. Ignacio R. Bunye na pumasok sa isang kasunduan sa Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB) para sa pagsasanay ng mga Pambayang Pantauhang-Teknikal na magsasakatuparan ng mga pamamaraan ukol sa planong pangsubdibisyon.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINAGPASIYAHAN din na mabigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang HLURB sa kanilang tanggapan sa ika-limang (5th floor) palapag ng D and E. Bldg., Quezon Blvd., corner A. Roces Avenue, Quezon City.

PINAGTIBAY ngayong ika-7 ng Setyembre, 1992 sa Silid Pulungan ng Sangguniang Bayan, People's Center, Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Kagawad

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Kagawad

KGG. ROMAN E. NIEFES
Kagawad

KGG. DANTE S. ALMARIO
Kagawad

KGG. ARTURO S. BUNYI
Kagawad

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Kagawad

KGG. MELCHOR R. TEVES
Kagawad

KGG. REY E. BULAY
Kagawad

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Kagawad

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Kagawad

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Kagawad

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Kagawad

KGG. VICENTE YU CHUA
Kagawad
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

PINAGTIBAY:

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts